

ANG BADYET

2021

StrongerBC
for everyone



**PAGTATAYO NGAYON PARA SA ISANG
MAS MABUTING KINABUKASAN**



Noong nakaraang taon, ipinakilala namin ang Badyet 2020, na nagsasama ng makasaysayang pamumuhunan sa kapital upang mapanatili ang lumalaking lalawigan. Sa mga sumunod na araw, ang mundo ay bumaligtad.

Mula sa simula, hinamon tayong lahat ng COVID-19 sa mga paraang hindi natin naisip. Nais kong kilalanin at makibahagi sa

kalungkutan ng mga British Columbian na nawalan ng isang taong mahal nila sa virus na ito. Habang walang hinulaan ang daanan na tatahakin ng pandemikong ito, ang matibay na pundasyon ng pananalapi ng B.C. ay nangangahulugang na ganap na handa tayong upang tumugon sa krisis.

Alam natin na maraming mga tao at negosyo na hindi proporsyonal na naapektuhan ng pandemikong ito - kabilang ang mga kababaihan, kabataan, mga katutubong komunidad, mga sektor ng hospitality [mabuting pakikitungo] at turismo.

Ang mga hamon ng mga nakaraang buwan, maging ang mga pagkaantala sa suplay ng bakuna, o ang mga panganib ng mga bagong baryante, ay lininaw na ang paglaban sa COVID-19 ay hindi pa natatapos - ngunit malamang maaring may pag-asa malamang sa lalong madaling panahon.

Ang Badyet 2021 ay makakatulong na mapanatiling ligtas ang mga tao sa natitirang pandemya, habang itinatayo ang tulay sa pagbawi ng ekonomiya at mga mas magandang araw na hinaharap.

Patuloy naming inuuna ang mga tao sa pamamagitan ng pagprotekta sa mga pampublikong serbisyo na inaasahan ng lahat ng mga British Columbian.

Tinutugunan ng Badyet 2021 ang agarang mga hamon at nagtatayo ng pundasyon para sa isang malakas na pagbawi, na may mga bagong pamumuhunan sa mga serbisyong pangkalusugan at pangkaisipang kalusugan, mga suporta sa negosyo, abot-kayang pabahay at pangangalaga sa bata, mga hakbang para sa mga pamilya, at nagtatala ng mga antas ng pangkomunidad na imprastrukturang lumilika ng trabaho.

Ang Badyet 2021 ay nagpapatuloy sa ating kasanayan sa maingat na mga pagpapalagay sa paglaki at makabuluhang pag-iingat sa pananalapi.

Ang pagbawi ng B.C. ay hindi mangyayari sa magdamag, ngunit sa pamamagitan ng pagtuon sa mga bagay na pinakamahalaga sa mga tao, magtatayo tayo ng mas mabuting hinaharap na magkasama.

KAGALANG-GALANG NA SELINA ROBINSON
MINISTRO NG PANANALAPI

PAGSUSUPORTA SA MGA TAO AT MGA PAMILYA SA HINAHARAP

Sa panahon ng pandemya, maraming mga tao at mga pamilya ang nakaranas ng kahirapan ng hindi inaasahang pagkawala ng trabaho at hindi lahat ay apektado sa parehong paraan.

Kasama sa Badyet 2021 ang mga bagong pamumuhunan upang suportahan ang mga tao sa pamamagitan ng pagpapabuti sa pangangalaga ng bata, gawing mas abot-kaya ang buhay, pagbabawas ng kahirapan, pagsusulong ng pakikipagkasundo at pamumuhunan sa mga serbisyong inaasahan ng mga tao.

BENEPISYO SA PAGBAWI NG BC

Ang Benepisyo sa Pagbawi ng BC (BC Recovery Benefit) ay nakatulong sa 2.5 milyong mga British Columbian habang pinasisigla ang mga lokal na ekonomiya. Ang benepisyo ay nagbibigay ng hanggang sa \$1,000 para sa mga karapat-dapat na pamilya at mga solong magulang, at hanggang sa \$500 para sa mga karapat-dapat na indibidwal. Ang Badyet 2021 ay patuloy na pinopondohan ang Benepisyo sa Pagbawi ng BC (BC Recovery Benefit). Ang mga tao ay maaaring mag-aplay hanggang Hunyo 30, 2021.

ABOT-KAYA, INKLUSIBONG PANGANGALAGA NG BATA

Mahigit sa 35,000 mga pamilya sa B.C. ay mayroon nang akses sa mababang-gastos na pangangalaga ng bata sa pamamagitan ng mga makasaysayang pamumuhunan sa huling apat na taon.

Kami ay magpapatuloy na lumikha ng mga libu-libong bagong espasyo baw't taon, at maraming mga pamilya ay magkakaroon ng akses sa pangangalaga ng bata sa bakuran ng paaralan kasama ang pagpapalawak ng Seamless Day na pang-eksperimentong pagsubok.

Ang kasalukuyang pagpapahusay ng sahod sa tagapagturo sa maagang pagkabata ay madodoble sa \$4 sa isang oras, na pakikinabangan ng humigit-kumulang 11,000 mga tagapagturo ng maagang pagkabata.

Ang 2,000 pang mga pamilya ay magkakaroon ng akses sa mga programa na nagpapabuti sa pagsasama ng mga pang-araw-araw na mga aktibidad para sa mga batang may mga pangangailangan sa suporta.

Ang \$20 milyon ay magbibigay ng karagdagang mga gawad sa kalusugan at kaligtasan sa mga tagapagbigay ng pangangalaga sa bata upang matiyak na ang mga sentro ay mananatiling ligtas sa pamamagitan ng karagdagang mga suplay sa paglilinis, personal na proteksyon na kagamitan o pagpapabuti sa espasyo.



Ang Badyet 2021 ay higit na dinoble ang bilang ng \$10-isang-araw na espasyo sa pangangalaga ng bata, na nangangahulugang 75 higit pang mga sentro ng pangangalaga ng bata at libu-libong mga pamilya na umaasa sa kanila ay makikinabang sa programa.

LIBRENG PAMPUBLIKONG TRANSPORTASYON PARA SA MGA BATA NG B.C.

Mahigit sa 340,000 na mga bata, na 12 taong gulang at pababa, ang sasakay sa pampublikong transportasyon nang libre na napapanahon sa mga klase ngayong Setyembre.

ANG MGA PAMILYA SA LUGAR NG TRANSLINK AY MAAARING MAKATIPID NG HANGGANG \$672 SA ISANG TAON PARA SA BAWA'T BATA, HABANG ANG MGA PAMILYA SA MGA KOMUNIDAD NG BC TRANSIT AY MAKAKATIPID NG HANGGANG \$400 SA ISANG TAON.

BENEPISYO SA OPORTUNIDAD NG BATA

Epektibo noong Oktubre 2020, halos 300,000 mga pamilya ay nagsimulang makatanggap ng Benepisyo sa Oportunidad ng Bata, na magpapatuloy hanggang sa ang bata ay maging 18 taong gulang. Ang mga pamilyang may isang anak ay makakatanggap ng hanggang \$1,600 baw't taon, ang may dalawang anak hanggang \$2,600, at ang may tatlong anak hanggang \$3,400.

PAMUMUHUNAN SA BAGONG PAGSASANAY AT MGA OPORTUNIDAD SA PAGTRABAHO PARA SA MGA KABATAAN

- » Bagong pagpopondo upang suportahan ang pagkatapos-ng-sekondaryong edukasyon, kabilang ang mga bagong espasyo upang mabuo ang kakayahan sa pagsasanay sa sektor ng pangangalaga ng kalusugan.
- » \$32 milyon upang ipagpatuloy ang pagsasanay na inilunsad sa pamamagitan ng Plano sa Pagbawi ng Ekonomiya ng Mas Malakas na BC [StrongerBC Economic Recovery Plan], kasama ang:
 - \$17 milyon upang makipagsosyo sa mga Katutubong komunidad at mga organisasyon upang mapalawak ang pag-akses sa pagsasanay sa kasanayan.
 - \$5 milyon upang mapalawak ang pagsasanay sa micro-kredensyal para sa mga taong naghahangad na muling magsanay at magtuloy ng mga bagong karera.
 - \$10 milyon para sa mga pagkakataon sa pag-aaral na pinagsamang-trabaho at panandaliang pagsasanay sa kasanayan.
- » \$45 milyon para sa mga inisyatibo sa pagtatrabaho ng kabataan, lumilikha ng 5,000 mga trabaho kapag isinama sa mga pamumuhunan sa Plano ng Pagbawi ng Ekonomiya ng StrongerBC [StrongerBC Economic Recovery Plan].

SINUSUPORTAHAN ANG KABATAAN NG B.C. SA PAMAMAGITAN NG MGA PAMUMUHUNAN SA EDUKASYON

Ang makabuluhang pamumuhunan ay ginagawa upang suportahan ang mga mag-aaral. Ngayong taon, bilang karagdagan sa patuloy na pagtaas ng pondo, gumagawa kami ng mga pamumuhunan upang mapabuti ang mga suporta sa pangkaisipang kalusugan sa mga paaralan, at tugunan ang kapootang panlahi at pagkakasundo upang ang susunod na henerasyon ay maaaring bumuo sa suporta na kailangan nila upang umunlad. Bilang karagdagan, ang pamumuhunan sa kapital ay magpapatuloy na magtayo ng mga bagong paaralan at pahasayin ang mga umiiral sa mga komunidad sa buong B.C.



MAKABULUHANG PAGKAKASUNDO

ANG PAGKAKASUNDO AY HIGIT PA SA ISANG SOLONG DESISYON, KAGANAPAN O SANDALI. ITO AY ISANG IBINABAHI AT PATULOY NA PAGLALAKBAY NA TAYO AY MAGKASAMA.

Bumubuo ang Badyet 2021 sa Plano sa Pagbawi ng Ekonomiya ng StrongerBC ng Taglagas 2020 [Fall 2020 StrongerBC Economic Recovery Plan] upang isulong ang pagkakasundo at gumawa ng isang mas malawak na ekonomiya. Kasama rito ang pagpopondo para sa pagtatrabaho kasama ang mga Katutubong tao upang isulong ang pakiki-pagkasundo, at matiyak na ang mga Katutubong tao ay maaaring ganap na makilahok sa pagbawi sa ekonomiya ng B.C.

Ang Badyet 2021 ay nagdadagdag ng \$60 milyon sa taunang batayang pagpopondo sa Ministeryo ng mga Katutubong Relasyon at Pagkakasundo. Ito ay dedikadong pagpopondo upang suportahan ang pakikilahok ng Katutubo sa mga aktibidad sa lupa at mapagkukunan, kasama mga negosasyon, at pakikisali sa batas, patakaran at mga programa.

Kabilang sa Badyet 2021 ang:

- » \$45 milyon upang suportahan ang mga serbisyong pangkalusugan na ligtas ang kultura at mas maraming mga tagapag-ugnay ng mga Katutubo sa bawat awtoridad sa kalusugan sa rehiyon upang mapabuti ang pag-akses sa kalusugan at mga serbisyo para sa mga Katutubong tao.
- » \$14 milyon para sa Awtoridad sa Kalusugan ng mga First Nation (First Nations Health Authority) upang maghatid ng nakatuon na mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan at pagkagumon sa mga Katutubong tao sa buong B.C.
- » 400 mga karagdagang espasyo sa programang Maagang Pagsisimula ng Katutubo [Aboriginal Head Start] na nagbibigay ng kaugnay sa kulturang pangangalaga sa bata para sa mga pamilyang Katutubo.
- » Pagpopondo upang makipagsosyo sa daan-daang mga Katutuong komunidad at mga organisasyon upang mapalawak ang pag-akses sa mga programa sa pagsasanay sa kasanayan.

PAGSUPORTA SA MGA MAHIHINANG TAO NG B.C. AT PAGBUBUO NG ISANG MAS PANTAY NA HINAHARAP

Ang Badyet 2021 ay may kasamang mga programa at pagpopondo na nakadirekta sa mga mahihingang tao. Kasama dito ang pinakamalaking permanenteng pagtaas sa kita at tulong sa kapansanan sa B.C.

ANG ISANG \$175 SA ISANG BUWAN NA PAGTAAS SA MGA ANTAS NG KITA AT TULONG SA KAPANSANAN AY NAGTATAYO SA DALAWANG NAKARAANG PAGTAAS PARA SA ISANG KABUUNANG PAGTAAS NG \$325 SA ISANG BUWAN MULA NOONG 2017 PARA SA MGA TAONG TUMATANGGAP NG TULONG, HANGGANG SA ISANG 53% NA PAGTAAS.

Ang Suplemento ng Sinyor ay madodoble, napakikinabangan ng hanggang sa 80,000 mga sinyor na may mababang kita. Magagamit din ang karagdagang pondo upang suportahan ang mga batang nasa pangangalaga o may mga alternatibong pag-aayos ng pangangalaga, pati na rin mga karagdagang suporta para sa mga programa na sumusuporta sa mga batang may kapansanan o mga medikal na pangangailangan.

Ang Paninirahan sa Komunidad ng BC [Community Living BC] ay makakatanggap ng bagong pondo upang makapagbigay ng mga suporta at mga serbisyo sa higit sa 24,000 mga may sapat na gulang na may mga kapansanan sa pag-unlad at kanilang mga pamilya.

Ang mga bagong pamumuhunan sa ating sistema ng hustisya ay makakatulong na magbigay ng napapanahon at pantay na pag-akses sa hustisya sa partikular para sa mga kababaihan, mga nakikitang mga minoritya, mga nag-iisang magulang, mga takas, mga Katutubong tao, mga miyembro ng komunidad ng 2SLGBTQ+ at mga taong may mababang kita.

MAS ABOT-KAYANG PABAHAY



Mahigit sa 26,000 bagong mga bahay ang itinayo o ay isinasagawa mula nang inilunsad ng pamahalaan ang 10-taong plano ng Mga Bahay para sa B.C. [Homes for B.C.] noong 2018.

Ang Badyet 2021 ay lilikha ng mas abot-kayang mga pagpipilian sa pabahay para sa mga lumalaking pamilya, mga sinyor, kababaihan at mga batang iniwanan ang karahasan, mga mag-aaral at mga Katutubong tao. Kasama dito ang pagsuporta sa paglikha ng halos 9,000 mga bahay para sa mga sambahayan na gitna ang kita at mga pamilya sa pamamagitan ng isang bagong \$2-bilyong pamumuhunan sa SentroNgPabahay [HousingHub].

Ang Budget 2021 ay nagpapatuloy din na suportahan ang mga taong nakakaranas o nasa peligro ng kawalan ng tirahan sa pamamagitan ng pagpapanatili ng higit sa 3,000 pansamantalang emerhensiyang tirahan at mga lugar ng hotel na nagbigay ng isang ligtas na lugar upang puntahan sa panahon ng pandemya.

PINOPROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN AT KALIGTASAN NG MGA BRITISH COLUMBIAN

Ang Badyet 2021 ay patuloy na pinoprotektahan ang kalusugan, pangkaisipang kalusugan at kaligtasan ng mga British Columbian at pinapalawak ang mga serbisyong inaasahan ng mga tao sa \$4 bilyon na pagpopondo ng pangangalagang pangkalusugan sa susunod na tatlong taon, kabilang ang pagpopondo upang patuloy na maihatid ang mga serbisyong pangkalusugan na may kaugnayan sa COVID-19.

MGA COVID-19 NA SUPORTA SA KALUSUGAN UPANG PANATILIHING LIGTAS ANG MGA TAO

Habang mas maraming tao ang nababakunahan, ang pamahalaan ay nagsisikap na magtrabaho upang mapanatiling ligtas ang mga tao. Ang Badyet 2021 ay naglalaan ng \$900 milyon sa 2021/22 upang suportahan ang patuloy na pagtugon ng Lalawigan sa COVID-19 na pandemya.

- » Mga bakuna sa COVID-19 para sa bawat British Columbian
- » Pagsusuri at pagtatalunton ng pakikipagkontak (contact tracing), pinalawak na pagbabakuna sa trangkaso, at napabuting akses sa mga serbisyong pangkalusugan para sa kanayunan, malayuan at mga Katutubong komunidad.
- » Pagsusuri ng mga kawani para sa COVID-19 sa pangmatagalang pangangalaga at tinutulungan sa pamumuhay na mga pasilidad upang mapanatiling ligtas ang mga sinyor.

PINAPALAKAS ANG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN SA B.C. PARA SA ISANG MALUSOG NA KINABUKASAN

Ang Badyet 2021 ay may kasamang mga makabuluhang pamumuhunan upang patuloy na palakasin ang pangangalagang pangkalusugan sa B.C. upang malaman ng mga tao na ang tulong ay naroon kapag kailangan nila ito.

- » \$585 milyon upang sanayin at mag-employo ng hanggang sa 3,000 katao bilang mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan.
- » \$45 milyon upang makatulong na matugunan ang sistematikong kapootang panlahi laban sa mga Katutubong tao sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan.
- » \$68 milyon upang madagdagan ang bilang ng mga katulong sa pangangalaga at mga tagapagbigay ng pangangalaga sa komunidad upang maihatid ang kalidad ng pangangalaga sa bahay upang matulungan ang mga sinyor sa pang-araw-araw na pamumuhay.
- » \$12 milyon upang magbigay sa mga sinyor na may mga kumplikadong pangangailangan ng pangangalaga mula sa ginhawa ng kanilang mga tahanan.



\$495 milyon upang dagdagan ang kapasidad sa diyagnostikong imahe at pag-oopera.

ANG PINAKAMALAKING PAMUMUHUNAN SA PANGKAIPIPANG KALUSUGAN SA KASAYSAYAN NG B.C.

Sa pamamagitan ng pinakamalaking pamumuhunan kailanman na ginawa sa pangkaisipang kalusugan ng mga British Columbian, ang Badyet 2021 ay magpapatuloy sa pagpapalawak ng mga suporta sa pangkaisipang kalusugan at paggamit ng droga upang mas mahusay na ikonekta ang mga tao sa ligtas sa kultura at mabisang pangangalaga.

Kasama dito ang \$500 milyon sa bagong pagpopondo sa plano sa pananalapi upang mapalawak ang mga serbisyong pangkaisipang kalusugan at pagkagumon.

- » \$61 milyon upang mapabuti ang pag-akses at kalidad ng mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan.
- » \$14 milyon para sa Awtoridad sa Kalusugan ng mga First Nation (First Nations Health Authority) upang maghatid ng mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan at pagkagumon sa mga Katutubong tao.
- » \$330 milyon upang magbigay ng buong espektro ng mga serbisyo sa paggamot at paggaling sa paggamit ng droga, kasama ang paggamot sa opioid.
- » 195 na bagong panggagamot sa paggamit ng droga at mga kama para sa pagpapagaling sa buong lalawigan upang matulungan ang mas maraming tao na makapunta sa landas ng paggaling.



\$97 milyon upang bumuo ng isang mas mabuting network ng mga suporta sa pangkaisipang kalusugan para sa kabataan.

PAMUMUHUNAN SA BAGONG IMPRASTRUKTURA NG KALUSUGAN

Ang Badyet 2021 ay nagpapatuloy na magtuon sa pagtatayo ng kritikal na imprastrukturang pangkalusugan sa pamamagitan ng \$7.8 bilyon sa kapital na pamumuhunan sa panahon ng piskal na plano. Susuportahan ng mga pamumuhunan ang mga bagong pangunahing proyekto sa konstruksyon at pagpapabago ng mga pasilidad sa kalusugan, medikal at pandiyagnostikong kagamitan at mga sistema ng teknolohiya.

ANG MGA BAGONG PROYEKTO SA KALUSUGAN TULAD NG BAGONG SURREY HOSPITAL AT CANCER CENTER AY KARAGDAGAN SA MGA PROYEKTO TULAD NG BAGONG ST. PAUL'S HOSPITAL AT MGA BAGONG OSPITAL SA DISTRITO NG COWICHAN, DAWSON CREEK AT DISTRITO, TERRACE AT STUART LAKE. KABILANG DIN SA MGA PAMUMUHUNAN ANG MGA BAGONG ESPASYO PARA SA MGA PASYENTE SA OSPITAL NG BURNABY, ANG KAMLOOPS' ROYAL INLAND HOSPITAL, REHIYONAL NA OSPITAL NG PENTICTON AT CARIBOO MEMORIAL HOSPITAL.

TINUTULUNGAN ANG MGA NEGOSYO SA B.C. SA PANDEMYA

Ang mga negosyo sa B.C. ay patuloy na magkakaroon ng akses sa mga suporta at mga serbisyo sa pamamagitan ng Badyet 2021, na may karagdagang nakatuon na mga suporta para sa mga pinakamalakas natinamaan ng COVID-19.

Ang Badyet 2021 ay nagpopondo sa patuloy na mga suporta sa negosyo na pinasimulan sa pamamagitan ng Plano sa Pagbawi ng Ekonomiya ng Mas Malakas na BC (StrongerBC Economic Recovery Plan) upang matulungan ang mga negosyo sa B.C. sa pandemya at tulungan silang maghanda para sa pagbawi. Kabilang sa mga nagpapatuloy na suporta sa negosyo ay:

- » \$150 milyon para sa kredito sa buwis ng Insentibo sa Nadagdagang Pagtatrabaho ng StrongerBC [StrongerBC Increased Employment Incentive].
- » \$35 milyon upang tulungan ang mga magsasaka sa B.C. na panatilihin ang mga pansamantalang banyagang manggagawa na sumusuporta sa ligtas na pag-aani ng mga pananim ng B.C. mula sa COVID-19.
- » \$10 milyon upang palawakin ang Grow BC, Feed BC, Buy BC na mga estratehiya upang palakasin at palawakin ang lokal na merkado para sa mga produkto ng B.C.
- » \$195 milyon na pagpopondo upang ipagpatuloy ang programa ng Gawad sa Pagbawi ng Maliit-at Katamtamang-laking Negosyo.

Ang mga pamumuhunan na ito ay bumubuo sa mga suportang kasama sa Plano sa Pagbawi ng Ekonomiya ng StrongerBC ng Taglagas 2020 [Fall 2020 StrongerBC Economic Recovery Plan]:

- » Isang patuloy na iksemsyon sa PST sa mga kapital na pamumuhunan sa mga piling kagamitan at makinarya upang matulungan ang mga negosyo na makaikot o pahusayin ang mga operasyon na may inaasahang 110,000 na isinanamang mga karapat-dapat na negosyo sa B.C.
- » \$44 milyon para sa Launch Online, na kumonekta sa mga negosyo sa mga teknolohiyang kumpanya sa B.C. upang lumikha o pagbutihin ang kanilang e-commerce at magbigay ng pagsasanay sa digital marketing upang matulungan ang mga negosyo na mapalakas ang kanilang mga benta sa online.
- » \$10 milyon upang dagdagan ang pagmamanupaktura na may idinagdag na halaga sa B.C. sa pamamagitan ng pagsusuporta sa maliliit at katamtamang laking mga negosyo na gawing mas madaling ma-akses ng mga kustomer ang kanilang mga produkto at isang karagdagang \$6 milyon na mga gawad para sa mga negosyo upang tulungang palakasin ang proseso sa pamamahagi ng panustos ng B.C.
- » \$7.5 milyon upang suportahan ang lumalaking agri-tech na industriya ng B.C.
- » \$7 milyon upang palawakin ang sentro ng pagkain na network ng B.C. at suportahan ang kabaguhan sa bukid at pagpoproseso ng pagkain.



- » Isang pamantayan na 25% na pagbawas sa mga buwis sa komersyal na pag-aari sa 2020.

SINUSUPORTAHAN ANG MGA PINAKAMALAKAS NA TINAMAANG SEKTOR NG B.C.

Maraming mga magkakaibang sektor ang naharap sa mga partikular na mga hamon sa kurso ng pandemya, at ang Lalawigan ay tumugon sa mga suporta na umaangkop sa kanilang mga natatanging pangangailangan.

Patuloy naming susuportahan ang mga sektor na pinakamalakas na tinamaan sa natitirang panahon ng pandemya at tungo sa pagbawi.

TURISMO

Sinusuportahan ng mga pamumuhunan sa turismo ang pagbawi ng isang sektor kung saan ang mga pangkat na hindi kapantay na naapektuhan ay kumakatawan sa isang makabuluhang bahagi ng trabahador:

- » Sa Taglagas 2020, ang Plano sa Pagbawi ng Ekonomiya ng StrongBC [StrongerBC Economic Recovery Plan] ay nagsama ng higit sa \$70 milyon sa mga hakbang sa kaginhawahan at pagbawi ng turismo, kabilang ang mga pamumuhunan upang matulungan ang mga munisipalidad na magtayo, umangkop at pag-iba-ibahin ang kanilang imprastruktura sa turismo at upang matulungan ang mga lokal na negosyo ng turismo ng Katutubo.
- » Mayroon ding \$100 milyon na pondo ng Gawad sa Maliit-at Katamtamang-Laking Negosyo na inihayag noong Taglagas na nakatuon sa mga nagpapatakbo ng turismo.

Upang matulungang maghanda ang sektor ng turismo ng B.C. para sa isang malakas na hinaharap, ang Badyet 2021 ay mamumuhunan ng:

- » Isang karagdagan na \$20 milyon para sa mga gawad sa pagpapaunlad ng patutunguhan sa komunidad na makakatulong sa mga komunidad na maghanda para sa mga bisita sa hinaharap sa pamamagitan ng bagong imprastruktura ng turismo tulad ng mga pagpapabuti ng mga daanan at paliparan.

\$100 MILYON UPANG SUPORTAHAN ANG PAGBAWI NG TURISMO, KABILANG ANG SUPORTA PARA SA MGA PANGUNAHING MATATAG NA ATRAKSYON NA TUMUTULONG NA GAWING ISANG NATATANGING DESTINASYON ANG BRITISH COLUMBIA.

MGA SINING AT KULTURA

Ang pamahalaan ay nakipagtulungan nang malapit sa mga pinuno ng mga komunidad ng sining at aliwan ng B.C. upang bumuo ng pinagtuunang pagpopondo sa pagbawi at namuhunan nang mahigit sa \$22.5 milyon sa pamamagitan ng AmplifyBC para sa industriya ng musika ng B.C., at \$35 milyon upang suportahan ang mga organisasyon ng mga sining at kultura.

Bumubuo ang Badyet 2021 sa mga pamumuhunan na ito sa pamamagitan ng pagdodoble ng badyet para sa Imprastruktura ng mga Sining na Programa, na magbibigay ng \$6 milyon na mga gawad sa pagpapabuti ng kapital upang suportahan ang pagbawi ng organisasyon ng mga sining at kultura.

MGA RESTAWRAN AT MABUTING PAKIKITUNGO (HOSPITALITY)

Ang mga restawran at industriya ng mabuting pakikitungo (hospitality) ay patuloy na umaangkop sa nagbabagong tanawin ng pandemya at mga binagong utos ng Panlalawigang Opisyal ng Kalusugan.

Sinusuportahan ng pamahalaan ang industriya ng restawran at mabuting pakikitungo (hospitality) sa pamamagitan ng:

- » Pagsusuporta sa 14,000 mga restawran, mga bar, mga pagawaan ng serbesa, mga pagawaan ng alak, mga gym at mga sentro ng pagpapalakas ng katawan ng higit sa \$50 milyon sa pamamagitan ng Mga Gawad na Tulong sa Circuit Breaker na Negosyo [Circuit Breaker Business Recovery Grants].
- » Ang paglalabas ng isang pansamantalang itinakdang halaga sa mga bayarin na sinisingil sa mga restawran ng mga kumpanya na naghahatid ng pagkain sa 15%.
- » Pag-eempleyo ng daan-daang mga kawani sa turismo at mabuting pakikitungo (hospitality) na nawalan ng trabaho sa pandemya upang suportahan ang plano ng pagbabakuna ng B.C. bilang mga hindi pangklinikal na kawani.



ANG MGA NEGOSYO SA B.C. AY GUMAMIT NG PAGKAMALIKHAIN AT PABABAGO UPANG MULING PAG-ISIPAN AT MULING MAGAMIT SA PATULOY NA PABABAGO NG TANAWIN NG COVID-19.

Ang pamahalaan ay narito upang suportahan ang mga negosyo ng B.C. na nangangailangan nito ngayon at tulungan ang lahat ng mga negosyo na makalipat sa isang mas matatag na hinaharap.

MALAKAS NA PAGBAWI NG EKONOMIYA AT PAMUMUHUNAN SA ATING HINAHARAP

Ang Badyet 2021 ay patuloy na nagbibigay ng prayoridad sa mga pamumuhunan na makakatulong sa B.C. upang tumugon sa pandemya at upang maghanda para sa isang malakas na pagbawi.

Ang mga pamumuhunan na ito ay nagtatayo sa higit sa \$10 bilyon na ibinigay upang suportahan ang mga tao, mga negosyo at mga komunidad mula nang magsimula ang pandemya.

ANG MGA PAMUMUHUNAN NA ITO AY TUTULONG NA LUMIKHA NG MGA TRABAHO, SUPORTAHAN ANG PAGBAWI, AT BUMUO NG MAS NAPAPANATILING, INKLUSIBO, AT PANTAY NA EKONOMIYA.

Titiyakin ng Badyet 2021 na ang tamang imprastruktura ay nasa lugar sa pamamagitan ng paggawa ng mga kritikal na pagbabago sa mga ospital at mga pasilidad ng kalusugan, mga paaralan, at mga proyekto sa highway at transit.

ANG BADYET 2021 AY NAGBIBIGAY NG ISANG TALA NA \$26.4 BILYON SA MGA KAPITAL NA PAMUMUHUNAN NA SINUSUPORTAHAN NG NAGBABAYAD NG BUWIS NA INAASAHANG MAKAKALIKHA NG HIGIT SA 85,000 NA MGA TRABAHO SA TATLONG TAONG PLANO.

Ang mga pamumuhunang ito ay nagtatayo sa mga makasaysayang pamumuhunan na ginawa na ng pamahalaan tungo sa krikal na imprastruktura. Nakatuon ito sa parehong umiiral na mga proyekto upang ang mga tao ay makabalik sa trabaho kaagad at suportahan ang pundasyon ng pangmatagalang pagbawi sa pamamagitan ng mga bagong pamumuhunan sa mga sektor ng transportasyon, kalusugan at edukasyon.


Namumuhunan din ang Badyet 2021 ng:

- » \$40 milyon upang makapagbigay ng mataas-na-bilis na internet at saklaw sa cellular para sa mas maraming mga kanayunan at malayuang komunidad, kabilang ang mga Katutubong komunidad.
- » \$83 na milyon sa pagpapatakbo at pagpopondo ng kapital para sa mga Parke ng BC (BC Parks) upang mapalawak at mapabuti ang mga daanan at likod ng bayang imprastruktura, magdagdag ng mga bagong lugar ng kamping, bumili ng bagong lupa upang palawakin ang mga parke, mapahusay ang sistema ng reserbasyon ng Discover Camping, at suportahan ang umiiral na imprastruktura ng parke.
- » \$30 milyon upang suportahan ang mga inisyatiba upang markahan ang ika-150 anibersaryo ng pagpasok sa kompederasyon ng B.C.

ANG BADYET 2021 AY NAGSASAMA NG \$500 MILYON SA PAGPIPINANSA SA LOOB NG TATLONG TAON PARA SA PONDO SA ESTRATEHIKO SA PAMUMUHUNAN NG INBC [INBC STRATEGIC INVESTMENT FUND] UPANG MAAKIT AT PATATAGIN ANG MATAAS NA PAGLAGO NG NEGOSYO, TALENTO AT MAGAGANDANG TRABAHO SA B.C.

PAGHAHANDA SA B.C. PARA SA ISANG MAS BERDENG PAGBAWI SA CLEANBC

Nagtatayo ang Badyet 2021 sa pag-unlad na nagawa namin sa paglikha ng isang mas malinis, mas malakas na ekonomiya sa pamamagitan ng pamumuhunan ng karagdagang \$506 milyon upang mabawasan ang mga emisyon, mamuhunan sa malinis na enerhiya at cleantech, at maghanda para sa pagbabago ng klima. Sa pamamagitan ng Plano sa Pagbawi ng Ekonomiya ng Mas Malakas na BC [StrongerBC Economic Recovery Plan], kami ay namuhunan ng \$190 milyon sa mga proyekto ng pagbabago ng klima upang suportahan ang mga trabaho at isang mas malinis, mas matatag na pagbawi sa ekonomiya.



Ang idinagdag na pondo sa Badyet 2021 ay nagdudulot ng kabuuang paglalaan sa CleanBC, kasama ang StrongerBC, sa halos \$2.2 bilyon mula noong 2019/20.

MALINIS NA TRANSPORTASYON

Ang patuloy na pamumuhunan sa paglipat sa mas malinis na mga sasakyan na may \$130 milyon upang suportahan ang mga insentibo para sa mga sero emisyon na sasakyan, mga istasyon ng elektrikal na pagkakarga, teknolohikal na pagpapaunlad, at ang magpagkuryente ng mga bus ng paaralan, mga lantsang pantawid at mga armada ng pamahalaan, kabilang ang:

- » \$94 milyon sa programang Go Electric, na nagbibigay ng mga rebate para sa mga pagbili ng mga sero-emisyon na sasakyan, mga istasyon na pagkakarga at mga suporta sa pangangalakal ng mga matitibay na sasakyan.
- » \$18 milyon upang suportahan ang aktibong imprastruktura ng transportasyon tulad ng mga daanan ng bisikleta, mga bangketa at maraming gamit na mga daanan.
- » Isang iksemsyon sa PST sa mga de-koryenteng mga bisikleta na makatipid ang mga British Columbian ng tinayang \$7 milyon taun-taon.
- » \$10 milyon upang karagdagang bumuo ng patakaran sa pagbabawas ng intensidad ng karbon ng gasolina at pagbubuo ng hydrogen na ekonomiya sa B.C.



MAS MAHUSAY NA MGA GUSALI, MAS MALAKAS NA MGA KOMUNIDAD

Sinusuportahan ng Badyet 2021 ang mas malinis, mas malakas na mga komunidad na may mas mataas na pondo para sa kahusayan ng enerhiya sa mga gusali, mas mahusay na pagpapalano ng lungsod, at pagbawas sa paggamit ng diesel sa mga malayuan at Katutubong komunidad.

NAKIKIPAGTULUNGAN SA INDUSTRIYA AT CLEANTECH

- » \$96 milyon para sa Programang CleanBC para sa Industriya upang mabawasan ang mga emisyon, palawakin pa ang sektor ng malinis na tech ng British Columbia at suportahan ang pandaidigang kakayahang makipagkumpitensiya sa malinis na ekonomiya.
- » \$60 milyon upang suportahan ang Sentro para sa Kabaguhan at Malinis na Enerhiya [Centre for Innovation and Clean Energy] at para sa cleantech na mga pamumuhunan upang mapalawak ang mga pagkakataon sa pakikipagsosyo sa pederal na pamahalaan.
 - Susuportahan ng Sentro sa Kabaguhan at Malinis na Enerhiya [Center for Innovation and Clean Energy] ang pagbubuo at pangangalakal ng malinis na teknolohiya sa B.C. - na lumilikha ng magagandang trabaho at nagpapabilis ng pag-unlad ng teknolohiya upang matulungan ang paglipat sa isang mababang karbon na hinaharap.
- » \$4 na milyon upang payagan ang Climate Action Secretariat na tulongang mapaunlad ang mga hakbang na sumusuporta sa malinis, inklusibong paglago ng ekonomiya.

PAG-AANGKOP AT PAGIGING HANDA SA KLIMA

Patuloy na namumuhunan ang Lalawigan sa mga masulong na mga inisyatibo upang suportahan ang paghahanda at pag-aangkop sa klima sa \$6 milyon upang suportahan ang unang yugto ng Estratehiya sa Paghahanda at Pag-aangkop sa Klima ng B.C. upang mas mahusay na tumugon sa panganib sa klima at mabawasan ang epekto ng pagbabago sa klima sa paglipas ng panahon.

PAGTUTULONG UPANG GAWIN ANG BUHAY NA MAS ABOT-KAYA

Ang isang sentral na pangako ng pamahalaan ay upang gawing mas abot-kaya ang buhay para sa mga tao.

Maraming pamilya at mga indibidwal ang nakakakita ng patuloy na pagtipid bilang resulta ng mga hakbang na ipinakilala sa Badyet 2021, pati na rin ang mga iba na inilagay sa huling apat na taon.

POTENSYAL NA PAGPAPATULUY NA MGA KATIPIRAN

	PAMILYA NG APAT SA VANCOUVER NA KUMIKITA NG \$100K Bata 1 (Edad 12) Bata 2 (Edad 5 sa Daycare)	PAMILYA NG APAT SA VANCOUVER NA KUMIKITA NG \$80K Bata 1 (Edad 12) Bata 2 (Edad 5 sa Daycare)	ISANG MAGULANG SA VANCOUVER NA KUMIKITA NG \$60K May Isang Bata (Edad 5 sa Daycare)	WALANG KAAKIBAT NA INDIBIDWAL SA VANCOUVER NA KUMIKITA NG \$30K
Bagong Gawad sa Pag-akses ng B.C. para sa Mga Mag-aaral	1,333	2,667	-	4,000
Pag-aalis ng MSP	1,800	1,800	1,800	900
Pag-aalis ng Interes sa Pautang ng Mag-aaral	230	230	230	230
Benepisyo sa Abot-kayang Pangangalaga sa Bata	2,316	4,800	4,800	-
Inisyatibo sa Pagbabawas ng Bayad sa Pangangalaga ng Bata	1,440	1,440	1,440	-
Pag-aalis ng mga Tol sa Port Mann at Golden Ears	1,500	1,500	1,500	1,500
Benepisyo sa Oportunidad ng Bata sa B.C.	598	1,380	700	-
Pagbabago ng ICBC	400	400	400	400
Libreng Transit para sa Mga Bata	1,344	1,344	672	-

KARAGDANGANG MGA POTENSYAL NA KATIPIRAN

ISANG-BESES NA MGA DISUWENTO

Mag-ipon hanggang \$3,000 sa sero-emisyon na sasakyan.

Mag-ipon hanggang \$3,000 sa pambomba ng init.

Ang iksemisyon sa PST sa mga e-bike ay maaaring makatipid sa iyo ng isang av. na \$280.



PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

Mga Detalye ng Badyet 2021:
www.bcbudget.ca
Ministryo ng Pananalapi:
www.gov.bc.ca/fin



Ang dokumentong ito ay inilimbag sa papel na may kamalayan sa kapaligiran na libre sa Elemental Chlorine, na naglalaman ng mga niresiklong hibla at 100% na naireresiklo. Kasama sa paggawa ng dokumentong ito ang mga pinakamahusay na kasanayan para sa pangangalaga. Mangyaring Magbawas, Muling Gamitin at Magresiklo.